M10/2/A2PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22102051

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A2 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A2 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A2 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Thursday 13 May 2010 (afternoon)
Jeudi 13 mai 2010 (après-midi)
Jueves 13 de mayo de 2010 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.
- It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.
- Vous n'êtes pas obligé(e) de répondre directement aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le souhaitez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.
- No es obligatorio responder directamente a las preguntas de orientación que se incluyen, pero puede utilizarlas si lo desea.


© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Piliin ang alinman sa Seksyon A* ***o*** *Seksyon B.*

## SEKSYON A

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ito bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 1**

### Janitor

Mula nang maging paralisado ang kalahating katawan ni Tatay, araw-araw ay pahigpit nang pahigpit ang pangangailangan naming magkaroon ng dagdag na pera. Wala akong makitang regular na trabaho.

Nang malaman ng mga kasama ko sa simbahan ang aking kalagayan, inalok nila akong maging tagalinis ng simbahan. Dahil desperado, sinunggaban ko ang alok.

Dalawang beses sa isang linggo, kailangan kong linisin ang buong simbahan. Tuwing Miyerkules ng umaga dahil may prayer meeting sa gabi, at tuwing Sabado ng gabi dahil may service kinabukasan.

Kailangan kong malinis ang buong simbahan. Lagyan ng floor wax ang sementadong bulwagan. Bunutin nang husto hanggang sa kumintab nang walang matirang bakas ng floor wax. Basahanin nang husto para masimot ang alikabok. Saka punasang isa-isa ang mga upuan. Pagkatapos, wawalisin ko ang mga kalat at laglag na dahon sa harapan ng simbahan.

Inaabot ako ng halos tatlong oras sa paglilinis. Patang-pata ang katawan ko pero kahit ang kintab ng semento'y hindi magbigay sa akin ng lugod. May mga pagkakataong napapaupo ako sa puwesto ng koro at napapaiyak sa pagkaawa sa sarili. Nang lumaon, parang naging bahagi na ng gawain ko ang pag-iyak matapos maglinis ng simbahan. Sa pagkasaid ng luha, tila nahuhugot din ang pagod. Saka pa lamang ako magkakalakas uli para maglakad pauwi.

Kinabukasan ng umaga, araw ng Linggo, bubuksan ko ang malaking pinto ng simbahan. Kahit di pa sumisikat ang araw, makikita ko na ang kintab ng semento. Sa tuwing may darating, ang mga paa nila ay palihim kong binabantayan. Padarag ba kung lumakad? Magagalusan ang semento. Huwag sanang puro alikabok ang dala. Habang lumalakad ang oras at dumarami ang mga taong pumapasok sa simbahan, nababawasan nang nababawasan ang kintab ng semento.

Mas malaking parusa para sa akin kapag umaambon o umuulan. Ang sementong winalis, binunot at pinakintab ko'y magkakaputik-putik. Guguhit ang tubig na tumitilamsik mula sa mga payong. Sari-saring sapatos, sandalyas at step-in, pawang basang-basa, ang yayapak at magpaparumi sa semento.

Nag-iba rin ang bati sa akin ng marami. Sa halip na kumustahin ako, ang sinasabi'y "Ang linis ng simbahan." Hindi ko alam kung matutuwa ako o maiiyak. Pinipilit ko na lamang na pagaangin ang aking mga hakbang para hindi makadagdag ang alikabok na dala-dala ko sa pinakintab kong semento.

Isang Kabanata sa Awtobiograpiya/Memoir ni Rene O. Villanueva,
*Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita* (1999)



https://xtremepape.rs/

**Teksto 2**

## Ang Paglilitson ay Trabahong Maselan

Ang paglilitson ay trabahong maselan
at iwan mo na sa mga sanay, amang.
Bago iyang suot mong barong-Tagalog,
dudumi lamang kung ika'y mag-iikot
ng malangis at kinalbong baboy.
Baka rin naman ang abo ay masaboy
diyan sa gawi mo, at baka ang apoy
ay biglang magsiklab at ika'y madale.
Kaya manood ka na lang diyan, hane?

Kami naman, amang, ay sinusuwelduhan:
pawis nami't libag ay binabayaran
para sumarap ang iyong kaarawan.
Hindi larong pambihira ang pag-ikot.
Ito'y trabaho, na may bayad ang pagod;
at kung ang gusto mo lamang ay maglaro,
maraming laro akong maituturo
na hindi mo man lang nababalitaan,
huwag lang ito na aming kabuhayan.
Lakad na sa loob, doon ka kailangan;
kami'y huwag agawan ng hirap, amang.

Tula ni Jose F. Lacaba, *Katha*, Soledad S. Reyes, ed. (1994)

– Tukuyin ang tema ng dalawang teksto. Paghambingin ang mga karanasang inihahain ng dalawang teksto.

– Magbigay ng puna o reaksiyon sa pagkakatulad o pagkakaiba ng pagtanaw ng tagapagsalaysay sa unang teksto at ng persona sa ikalawang teksto ukol sa kani-kanilang karanasan.

– Tukuyin ang mensahe ng dalawang teksto at suriin kung paano pinatitindi ng mga elementong estilistiko (hal., imahe, tono, tayutay) ang mga mensaheng ito.



https://xtremepape.rs/

## SEKSYON B

*Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.*

*Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang layon. Hindi sapilitan ang pagsagot sa mga panggabay na tanong. Pero mahalagang gamitin ang mga ita bilang panimula ng pahambing na komentaryo.*

**Teksto 3**

### Nasyonalismo, Uso Pa Ba?

Sa panahong ito ng globalisasyon at lumiliit na mundo, uso pa ba ang nasyonalismo? Sa isang umpukan kamakailan, isa sa mga kausap natin ang tahasang nagsabi na dahil nga sa globalisasyon, hindi na uso ang nasyonalismo. *Passé* na, 'ika nga niya.

At nagbigay siya ng halimbawa. Ang mga mamimili raw ngayon, wala nang pakialam kung saan gawa ang isang produkto. Basta mas mura, mas maganda o mas mahusay ang kalidad, bibilhin nila. Hindi raw mahalaga sa kanila kung saan ito gawa. Hindi na raw uso ang pagtangkilik sa sariling produkto, kung kaya naman naniniwala siya na hindi na nga uso ang nasyonalismo. At dahil nga hindi na uso, hindi na dapat pinag-uusapan pa.

Sa biglang tingin ay tila may katuwiran nga ang sinabi ng ating nakausap. Parang magkasalungat nga ang globalisasyon at nasyonalismo. Pero kung pakalilimiin, saka matatanto na nang dahil nga sa napipintong globalisasyon sa ekonomiya kung kaya mas dapat na maging uso ang nasyonalismo. Kung kaya mas dapat itong pinag-uusapan at pinalalakas.

Una'y mahirap isipin kung paanong mapapalakas ang ekonomiya ng isang bansa at ang kakayahan nitong makipagkumpitensiya sa pamilihang pandaigdig nang hindi ito iniuugnay sa usapin ng nasyonalismo o pagmamahal sa sariling bayan at lahat ng bagay na bahagi nito at may kaugnayan dito.

Ngayon higit kailanman, kailangang maunawaan ng lahat ng sektor sa ating lipunan kung ano ang kanilang maitutulong at maiaambag sa bayan, upang tayo'y hindi patuloy na maging huli na'y kulelat pa sa karera ng mga bansa. Ang globalisasyon, na tila bukambibig ng maraming tao, ay hindi naman nangangahulugan ng pagkawala ng pagkakahati-hati ng mundo sa iba't ibang bansa, upang bumuo ng tinatawag na *global village*. Ito'y nangangahulugan pa nga ng mas maigting at mas malupit na kumpetisyon sa pagitan ng mga bansa, lalung-lalo na sa larangan ng ekonomiya.

Ang anumang pagsisikap tungo sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa upang makasabay at makasakay sa globalisasyon, kung gayon, ay dapat na mahigpit na nakaugnay sa isyu ng nasyonalismo. Ito ay dapat na maging masidhing motibo ng mga mangangalakal at industriyalista, gayundin ng mga empleyado at manggagawa. Kung mayroon mang hindi pinagkakasunduan dahil sa tunggalian o kontradiksiyon ng mga interes, kailangang magkasundo at magkaisa sa hangaring makalikha ng mga produktong mas maganda at mas mura na maaaring isabak sa kumpetisyon sa loob at labas ng bansa.

Ngayon higit kailanman, kailangang maunawaan ng magkabilang panig na sakay sila ng iisang bangka, at kung hindi sila magkatulong na sasagwan, magkasama silang lulubog sa dagat ng globalisasyon.

Sipi ng isang Halimbawa ng Argumentatibong Sanaysay,
*Sining ng Komunikasyon*, Fe O. Aquino et al, eds. (2001)



https://xtremepape.rs/

**Teksto 4**

## Pilipino Raw

Pilipino ka nga ba o banyagang naligaw sa lupaing ito? Nakapagtataka at nakakainis ngunit totoo na tayong Pilipino ay ayaw ng tatak Pilipino. Bakya raw, walang *class*, pang-mahirap daw ang yaring Pilipino. Lahat ng bagay na yari o gawa dito ayaw natin. At ano ang gusto natin, magmukhang estranghero sa lupaing ito? At iyan nga ang totoo, hindi mo ba napapansin?

Tingnan mo na lamang ang karamihan ng mga taong gumagala sa Makati Commercial Center. Iba't ibang mga kulay ng buhok, may maputi, may mapula, may kape, at kung anu-ano pa. Mga Pilipino ba iyan? Huwag mo nang itanong.

Tingnan mo naman ang mga namimili sa Rustan's. *"A, Miss… may I see that one?"* Ah, *English-speakin*g, Pilipino iyan. *"Is this imported?"* Ganyan ang Pilipino, laging itinatanong kung imported. Nais niya ang tatak ng Pierre Cardin, Christian Dior, Gucci at YSL na ang ibig daw sabihin ay "Yari Sa Laguna." Sa mga pabango ang type ay Nina Ricci, Fabergé, Jean Patou at iba't iba pa. Sa mga cosmetics Max Factor, Revlon, Pias, at kung anu-ano pa. Samantalang mayroon din tayong mga katulad ng mga ito.

Naalala ko tuloy ang isang pangyayaring naganap sa isang hotel sa Makati. May mga bisitang banyaga ang isang negosyanteng Pilipino at sila'y kumakain sa restawran ng nasabing hotel. Tinawag ng Pilipino ang waiter at ang sabi, *"Waiter, give me a pack of cigarettes." "What brand, sir?" "Any brand as long as it is imported."* Nang tinanong ang bisitang banyaga kung ano ang gusto niyang sigarilyo, ang tugon nito: *"I want your local Alhambra cigar. It's the best I ever had."* Mabuti pa ang banyaga, nagugustuhan ang sariling atin. Pero tayong mga Pilipino, anong masasabi mo? Huwag mo nang sagutin.

Pati sa pagkain hindi mo ba napapansin ayaw natin ngayon ng goto, puto't dinuguan, bibingka at ano ang mga gusto natin ngayon? Hindi ba pizza pie, hamburger, spaghetti at ice cream? Puro banyaga, ano? Ganyan tayong mga Pilipino. Banyaga sa sariling bayan. Paano tayong uunlad at paano natin matutulungan ang mga industriyang Pilipino kung hindi natin tatangkilikin at itataguyod ang sariling atin? Siguro oras na para magbago tayo. "*Ah, wait,* heto na palang snack ko – spaghetti, pizza pie and coke."

Sanaysay ni Juanito E. Nazareno,
*Sining ng Komunikasyon*, Fe O. Aquino et al, eds. (2001)

– Ano ang isyu o suliraning tinatalakay ng dalawang teksto?

– Paano nagkakasundo o nagsasalungatan ang dalawang teksto sa isyung pareho nilang tinatalakay?

– Ilarawan at paghambingin ang mga estilong panretorika ng dalawang teksto. Paano ginamit sa dalawang teksto ang mga kasangkapang panretorika (hal., tono, tayutay, diksiyon) sa paghahayag ng mga mensahe nito?



https://xtremepape.rs/